BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

METROPOLITAN TRANSPORTATION COMMISSION

PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Oktubre 1, 2024
MGA CONTACT: Distrito ng Hangin: communications@baaqmd.gov
MTC: John Goodwin jgoodwin@mtc.ca.gov

Mga Panrehiyong Ahensya, May Naabot na Milestone sa Mandatoryong Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe ng Bay Area

Libu-libong liham ng paalala inaasahang ipapadala, mga employer hinihikayat na magpatala ngayong araw

SAN FRANCISCO – Ipinagdiwan ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area at Metropolitan Transportation Commission ngayong araw ang ika-10 anibersaryo ng Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe ng Bay Area, na nag-aatas sa mga employer na may 50 o higit pang full-time na empleyado sa rehiyon na magpatala sa programa, piliin ang opsyon sa benepisyo sa nagbibiyahe na ibibigay nila, at tukuyin kung paano nila isusulong ang benepisyong iyon sa mga empleyado. Kasama sa mga opsyon ang benepisyo bago ang buwis kung saan magagawa ng mga empleyado na hindi isama ang gastusin sa transportasyon o vanpool sa nabubuwisang kita; mga subsidiya para masagot o mabawasan ang gastusin sa transportasyon o vanpool ng mga empleyado para sa buwan; transportasyong ibinibigay ng employer; pambuong-kumpanyang patakaran sa telework; o alternatibong benepisyo na makakabawas sa pagbiyahe nang isa lang ang sakay.

Bay Area Commuter Benefits Program

Sinimulan ng Distrito ng Hangin at MTC ngayong araw na magpadala ng libu-libong liham ng abiso sa pagsunod sa mga employer na lumipas na ang pagpaparehistro at sa mga employer na hindi pa nagpapatala sa programa. Ang mga taunang update ay bahagi ng mga kinakailangan sa programa. Binuo ng Distrito ng Hangin at MTC ang Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe ng Bay Area bilang tugon sa Panukalang-batas sa Senado 1339, na isinabatas ni Gobernado Jerry Brown noong Setyembre 2012. Pagkatapos ng dalawang taong pilot program, ang Regulasyon 14, Panuntunan 1 ng Distrito ng Hangin ay pinagtibay ng lupon ng mga direktor nito noong Marso 2014. Layunin ng programa

na bawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas at ang pagsisikip ng trapiko sa pamamagitan ng paggamit sa kodigo sa buwis ng pederal para mahikayat ang mga empleyadong mag-commute gamit ang mga alternatibo sa pagmamaneho nang mag-isa.

Nang tumigil ang karamihan sa pagko-commute sa Bay Area dahil sa pandemya, pansamantalang inihinto ng Distrito ng Hangin ang pag-abiso para sa Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe ng Bay Area. Nagtakda ng palugit para sa mga abiso sa employer habang nagsagawa ng mga pinahusay na panrehiyong aktibidad sa pakikipag-ugnayan para mabigyan ng kaalaman ang mga employer at ang mga organisasyon ng employer tungkol sa programa.

“Ito na ang panahon para magpatupad ang mga employer ng transformative na pagbabago sa ating mga lugar ng trabaho at kalsada, na gagawa ng mga pangmatagalang benepisyo sa ating kapaligiran at kalusugan,” sabi ni Davina Hurt, na miyembro ng Konseho ng Lungsod ng Belmont at Tagapangulo ng Lupon ng Distrito ng Hangin. “Sa pagyakap sa mga sustainable na solusyon sa pagko-commute, makakatulong ang mga employer na pagandahin ang kalidad ng buhay para sa lahat ng residente ng Bay Area, lalo na sa mga pinakaapektado ng polusyong nauugnay sa transportasyon.”

“Ang pagsisikip sa karamihan ng mga highway at tulay ay mas matindi na ngayon kumpara noong bago ang pandemya, at puwede itong magdulot ng negatibong epekto sa paglago ng ekonomiya sa Bay Area,” sabi ni Jim Wunderman, ang tagapagpaganap na direktor ng Konseho ng Bay Area. “Mahalaga ang papel ng mga employer sa pagtugon sa ating problema sa trapiko dahil mahihikayat nila ang kanilang mga empleyado na suriin ang kanilang mga kasanayan sa pagko-commute at gamitin ang maraming kapaki-pakinabang na benepisyo sa paggamit ng pampublikong transportasyon.”

“Sa pagsusulong ng mga opsyon sa benepisyo sa nagbibiyahe sa mga empleyado, hindi lang mababawasan ang mga emisyon ng greenhouse gas, matutulungan din ang parehong panig na makatipid sa mga buwis sa sahod,” sabi ni Alfredo Pedroza, ang Tagapangasiwa ng County ng Napa at Tagapangulo ng MTC. “Sa pamamagitan man ng carpooling, paggamit ng pampublikong transportasyon, pagbibisikleta, o remote na pagtatrabaho, ang mga nagbibiyaheng hindi mag-isang bumibiyahe sa kanilang sasakyan ay positibong nakakaapekto sa rehiyon“

Para magpatala sa Programa ng Mga Benepisyo sa Nagbibiyahe ng Bay Area o para ma-update ang status, dapat bumisita ang mga employer sa website ng programa. Libre magparehistro at aabutin

lang ito nang humigit-kumulang 15 minuto. Para sa karagdagang tulong, makakaugnayan ang team ng programa sa (510) 285-3183 o commuterbenefits@511.org.

Ang Metropolitan Transportation Commission ay ang ahensya sa pagpaplano, pagpopondo, at pagsasaayos ng transportasyon para sa San Francisco Bay Area na may siyam na county. Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa siyam na county ng Bay Area. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng X/Twitter, Facebook, Instagram, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
Homepage ng Distrito ng Hangin | Mga Pahayag sa Media